Rebisado Hunyo 2021

Saan Makakakuha ng Mga Sagot sa Mga Tanong Mo sa Medicare

Pumunta sa Medicare.gov para:

- Makita kung anong mga serbisyo ang sinasaklawan ng Medicare
- Matuto tungkol sa mga plano para sa kalusugan at gamot ng Medicare sa lugar niyo, kasama ang mga gastos at benepisyo
- Pumili at sumali sa isang planong pangkalusugan o gamot ng Medicare na nakatutugon sa mga pangangailangan mo
- Maghanap ng Medicare Supplement Insurance (Medigap) na polisiya sa lugar niyo
- Maghanap ng mga doktor, tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan at mga supplier na lumalahok sa Medicare
- Malaman kung paano magsasampa ng apela sa Medicare o paano pahintulutan ang taong makipag-usap sa Medicare sa ngalan mo
- Ihambing ang kalidad ng pangangalaga sa kalusugan na nilalaan ng mga pasilidad ng pangangalaga
- Tingnan ang mga publikasyon ng Medicare o mga ibang dulugan

Lumikha ng ligtas na Medicare account para:

- Tingnan at mag-print ng kopya ng opisyal mong Medicare card
- Subaybayan ang mga Orihinal na paghabol sa Medicare at iyong Part B (Medikal na Insurance) na makakaltas
- Magpatala para sa mga electronic Medicare Summary Notices (eMSN)
- Pamahalaan ang iyong personal na pangkalusugang impormasyon (tulad ng mga medikal na kundisyon, allergy at mga naka-implant na device)
- Magpatala para elektronikong makuha ang Medicare & You na handbook (hindi ka makakuha ng naka-print na kopya kapag pinili mong elektroniko itong makuha)
- Pamahalaan ang iyong listahan ng de-resetang gamot
- Maghanap ng, magdagdag sa, at pamahalaan ang listahan mo ng mga tagapaglaan at makakuha ng de-kalidad na impormasyon tungkol sa kanila

Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227; TTY: 1-877-486-2048) para:

- Suriin ang katayuan ng iyong Medicare claim
- Makakuha ng mga sagot tungkol sa iyong mga makakaltas sa Medicare
- Makakuha ng mga sagot sa mga tanong mo sa pagbabayad ng premium ng Medicare
- Mag-ulat ng panloloko sa Medicare
- Iapela ang Medicare coverage o pagpasya sa pagbabayad
- Hanapin ang lebel mo ng Extra Help sa coverage para sa gamot ng Medicare na gastos kung awtomatiko kang kuwalipikado at hindi nag-apply
- Makakuha ng impormasyon tungkol sa coverage ng Medicare, mga benepisyo at mga serbisyong pang-iwas

Pumunta sa ssa.gov o tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213 (TTY: 1-800-325-0778) para:

- Malaman kung nararapat ka para sa Medicare
- Gumawa ng "my Social Security" account, para makagawa ng mga bagay tulad ng pag-ulat ng pagbabago sa address, pangalan o numero ng telepono
- Magpatala para sa Medicare Part A (Pang-ospital na Insurance) at Medicare Part B (Pang-medikal na Insurance)
- Umalis sa pagkaka-enroll sa Part B (o umalis sa pagkaka-enroll sa Part A, kung nagbayad ka ng premium para dito)
- Mag-apply sa Extra Help na may coverage sa gastos sa gamot sa Medicare
- Mag-ulat ng pagkamatay
- Iapela ang pasya ng Income-Related Monthly Adjustment Amounts (IRMAA) (ang ilang tao ay nagbabayad ng mas mataas na Part B at/o Part D na premium kung ang kita nila ay mahigit sa partikular na halaga)

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.

CMS
CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Product No. 02246-T
(Tagalog)